THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 Two Sons of Calapan proud PMA Graduates!

VOLUME I No. 29 May 30, 2022 - June 05, 2022

# 132 Magsasakang Naujeño, tumanggap ng libreng binhi mula sa Pamahalaang Panlalawigan





"SA PAGKAKATAONG ITO, mga minamahal kong mga kababayan, ang pagtutuunan naman po natin ng pansin ay ang agriculture and food security ng ating lalawigan."

Agrikultura at seguridad sa pagkain, ilan lamang ito sa mga priyoridad na programa na ibinahagi ni Governor Bonz Dolor sa may 132 magsasakang Naujeño na tumanggap libreng binhi ng palay mula sa Pamahalaang Panlalawigan sa isinagawang 'Turnover Ceremony/Distribution of Rice Seeds Interventions' sa bayan ng Naujan, Mayo 31.

Ang naturang gawain ay pinangunahan ng Provincial Agriculturist Office (PAgO) sa pakikipag-ugnayan sa Pamahalaang Bayan ng Naujan. Kabilang sa 132 benepisyaryo ay mga miyembro ng Naujan Multi-purpose Cooperative (NAMCO), Santiago Farmer's Association at Adrialuna Farmer's Association.

Ayon sa Gobernador, ang gawaing ito ay ilan lamang sa mga nakahanay na programa ng kanyang administrasyon upang makamit ng lalawigan na maging 'rice granary' hindi lamang ng Rehiyong Mimaropa kundi ng buong bansa.

Labis ang pasasalamat ng mga magsasakang benepisyaryo sapagkat ayon sa kanila na sa kabila ng napakaraming hamon na kanilang kinakaharap ay patuloy na nariiriyan ang Pamahaalaang Panlalawigan upang maging katuwang sa kanilang pagsisikap na maiangat ang antas at kalidad ng agrikultura sa lalawigan.



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT


THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM





*City support to the Calapan City Police Station - Turn over of a brand new patrol vehicle from the City Government to the Calapan City Police Station, Philippine National Police. Chief of Police Lt. Col. Anthony Ramos received the patrol vehicle from City Mayor and Congressman-elect Arnan C. Panaligan.*






| ALL SECTORS/ INDUSTRIES | CURRENT MINIMUM WAGE RATES | BASIC WAGE INCREASE | NEW MINIMUM WAGE RATES |
|---|---|---|---|
| Establishments with 10 workers and above | P320.00 | P35.00 | P355.00 |
| Establishments with less than 10 workers | P294.00 | P35.00 | P329.00 |




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO
website: www.tamaraojournal.com /
email add: tamaraojournal@gmail.com




TWO SONS OF CALAPAN CITY HAVE GRADUATED FROM THE PHILIPPINE MILITARY ACADEMY (PMA), CLASS 2022!

Kinilala ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan ang dalawang anak ng lungsod na nagtapos sa Philippine Military Academy. Nagpresenta ng Plaque of Recognition si City Mayor and Representative-elect Arnan C. Panaligan kina Navy Ensign Alfonso Gabriel Velasquez, ng Bgy. Ilaya, Calapan City at kay Air Force 2nd Lieutenant Charles Anton Acedera, ng Bgy. Ibaba East, Calapan City, noong Monday flag ceremony at City Hall. Natapos sila ng four year Bachelor's degree sa Philippine Military Academy and itinalagang  commissioned officers ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Si Velasquez ay sumanib sa Philippine Navy samantala si Acedera ay sumali sa Philippine Air Force. Ang Navy Ensign ay katumbas ng Army at Air Force 2nd Lieutenant.




*Navy Ensign Alfonso Gabriel Velasquez, ng Bgy. Ilaya, Calapan City*

# *Congratulations!*




Air Force 2nd Lieutenant Charles Anton Acedera, ng Bgy. Ibaba East, Calapan City

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 29 May 30, 2022 - June 05, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# Higit apat na libong bags of cement ang ipinagkaloob ng Pamahalaang Panlalawigan sa 97 pampublikong paaralan sa bayan ng Roxas at Bulalacao



PINANGUNAHAN nina Governor Bonz Dolor at Vice Governor- elect Ejay Falcon ang naturang gawain kung saan tumanggap ang bawat paaralan ng 50 cement bags noong Hunyo 4. Tinanggap naman ito ng mga principals at heads ng bawat paaralan kasama ang mga presidente ng mga Parent-Teachers' Association (PTA).

Bagama't araw man ng Sabado ani ni Gov. Bonz, hindi nakalilimutan niya ang naging suporta ng mga ito noong ito ay muling tumakbo sa pagkagobernador. Isa lamang aniya itong pagtatanaw ng utang na loob sa lahat ng mga mamamayan nagtiwala sa kaniyang kakayahan na mas pagandahin pa ang lalawigan.

Binigyang diin ni Gov. Bonz sa kaniyang mensahe ang kahalagahan ng pagtupad sa mga ipinapangako ng isang lingkod bayan sa mga nasasakupan nito. Isa lamang sa patunay aniya ang pagtupad niya sa mga programa at proyektong inilahad nito noong ito ay tumatakbo pa lamang noong 2019. Sa pamamagitan aniya ng papelita na ipinamahagi niya noon, nagkakaroon ng isang konkretong kasunduan ang mga mamamayan at mga lingkod-bayan.

Pasasalamat naman ang ipinaabot ni Roxas Central School Principal IV Dr. Minerva F. Castro sa Pamahalaang Panlalawigan at kay Gov. Bonz sa mga ipinagkaloob nito, partikular ang mga cement bags na magagamit aniya sa pagpapatapos ng mga pagawain sa iba't-ibang mga paaralan sa kanilang bayan.

Dagdag pa niya, napakapalad ng mga mag-aaral ng lalawigan dahil prayoridad ni Gov. Bonz na mas pagibayuhin at pagandahin pa ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga ito. Naniniwala aniya siya sa kakayahan ng gobernador na mas pagandahin pa ang mihura ng lalawigan hindi lamang sa rehiyon ng MIMAROPA, maging sa buong bansa.

Bukod sa bags of cement na ipinakaloob, namahagi rin ang Pamahalaang Panlalawigan ng 4 na gallon ng alcohol, 14 boxes ng facemasks, oximeter, 3 kahon ng coupon bonds at mga vitamin C sa bawat paaralan.

Dinaluhan din ang naturang gawain nina 2nd district- elect Board Members Atty. Jom Dimapilis at Atty. Roland Ruga.

Samantala, magiging tuluy-tuloy naman ang pamamahagi ng mga bags of cements sa iba't-ibang mga pampublikong paaralan sa lalawigan sa mga susunod pang araw (PIO Oriental Mindoro).



